396-V

Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

JUL 05 2007

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 257 , s. 2007

PAMBANSANG LEKTYUR-WORKSYAP SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pangulo/Puno ng mga Pribadong Paaralan

1. Ang Aklan State University-School of Fisheries and Marine Sciences at ang Pambansang Samahan ng mga Dalubguro sa Wika, ay magtataguyod ng Pambansang Lektyur-Worksyap sa Filipino. Ito ay gaganapin sa Function Hall at Training Center ng Aklan State University-School of Fisheries and Marine Sciences, New Washington, Aklan sa Setyembre 5-7, 2007.

2. Ang paksa ng nabanggit na lektyur-worksyap ay "Ang Sining Pantanghalan: Isang Aplikasyon sa Pagtuturo Tungo sa Repormang Instruksyunal".

3. Pagkatapos ng lektyur-worksyap, inaasahang ang mga kalahok ay:

a. magkakaroon ng kasanayan sa masining na pagtatanghal (e.g. pagkukuwento, pagbigkas ng tula, sabayang pagbigkas at pagsasatao);
b. magagamit ang kasanayan sa sining pantanghalan bilang aplikasyon sa pagtuturo tungo sa repormang instruksyunal; at
c. magtatamo ng kasanayan sa paghatol (mga binanggit sa blg. A.

4. Ang dapat dumalo sa gawaing ito ay ang mga panrehiyon/pansangay na superbisor sa Filipino, tagapangulo/tagapag-ugnay sa mga Kagawaran sa Filipino, mga tagahatol/tagapagsanay sa mga timpalak sa pagbigkas, pagkukuwento, pagsasatao at iba pang kauri na timpalak, at mga piling guro sa elementarya, sekundarya or tersyarya sa pasubaling ang kanilang mga klase ay hahawakan ng bakanteng guro.

5. Ang bayad na Dalawang Libong Piso (PhP2,000.00) ay para sa rehistrasyon, pagkain (3 tanghalian at 6 na meryenda, kit at iba pang gastos kaugnay ng lektyur-worksyap. Hindi kasama ang akomodasyon. May 10% diskwento ang mga miyembro ng Pambansang Samahan ng mga Dalubguro sa Wika at ang pagpaparehistro bago dumating ang takdang lektyur-worksyap. Cash at hindi tseke ang ibabayad.

6. Para sa rehistrasyon at reserbasyon ng tirahan, mangyaring makipag-ugnayan kay Prop. Erlinda Bautista, Aklan State University-School of Fisheries and Marine Sciences, New Washington, Aklan, cellphone blg. 0915-7759939.

7. Hinihiling ang malawakang pagapalaganap ng Memorandum na ito.

**RAMON C. BACANI**
Pangalawang Kalihim

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
WORKSHOPS

Madel:c:Pambansang Lektyur
6-21-07